**City and County of San Francisco**

*London Breed, Mayor*

**Human Services Agency**

**Department of Human Services**
**Department of Aging and Adult Services**
**Office of Early Care and Education**

***Trent Rhorer, Executive Director***

# Ang pagbabago sa Public Charge: Ang mga sagot ng HSA sa inyong mga katanungan

ANG impormasyong ITO AY PANGKASALUKUYAN MULA ika 11 ng Oktubre 2019

## Mga madalas na itinatanong

1. **Ano ang public charge?**
   Ang public charge ay isang salita na ginagamit sa batas ng imigrasyon upang ilarawan ang isang tao na maaaring umasa sa suporta ng gobyerno mula sa pagtanggap ng mga benepisyo.

   Ginagamit ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon ang isang "public charge" test o pagsusuri upang madisisyunan kung sino ang maaaring papasukin sa Estados Unidos at sino ang maaaring maging Lawful Permanent Residency (LPR)—na kinikilala din bilang green card holder. Ginagamit din ito para sa mga LPR na umalis ng bansa nang mahigit na 6 na buwan at gustong bumalik. Tandaan: ang mga patakaran ay naiiba kung kayo ay nag-aplay para sa green card sa labas ng Estados Unidos.

2. **Narinig ko na may bagong patakaran tungkol sa public charge. Ano ang mga pagbabago?**
   **Wala pang pagbabago sa ngayon.** Noong Agosto inilabas ng pederal na gobyerno ang bagong patakaran ng public charge na ipinalawak ang listahan ng mga programa na maaaring ikonsidera sa loob ng public charge test. Gayunpaman sa ika 11 ng Oktubre , pinigilan ng mga pederal na korte ang pagkabisa ng bagong patakaran na ito hanggang sa susunod na abiso. Kapag may bagong impormasyon tungkol dito ilalabas agad ng HSA ito.

3. **Maapektuhan ba ng pagtanggap ng pampublikong benepisyo o serbisyo ang aking aplikasyon na maging lawful permanent resident?**
   **Sa ilalim ng matagal na ginagamit na pagsusuri sa public charge, maaari lamang ikonsidera ng mga opisyal ng imigrasyon ang pagtanggap ninyo ng suporta sa pamamagitan ng mga programa ng** cash assistance (CalWORKs, CAAP, and SSI) o Medi-Cal long-term care services kapag nag aaplay kayo ng lawful permanent residency – na kinikilala din bilang green card—o sa pagpasok sa loob ng bansa. Ang paggamit ng non-cash na benepisyo katulad ng health care coverage (Medi-Cal), pagkain (CalFresh), tulong sa pabahay, edukasyon, pagsasanay sa trabaho, at serbisyong pangangalaga ng bata ay hindi ginagamit laban sa kahit sinuman na nag-aaplay para sa lawful permanent residency.

4. **Maapektuhan ba ang lahat ng imigrante sa public charge?**
   HINDI. Hindi maapektuhan ng bagong patakaran ng public charge ang karamihan ng mga imigrante na tumatanggap ng pampublikong benepisyo at serbisyo.

   Hindi angkop ang mga refugee, asylee at iba pang kategorya ng imigranteng humanitarian sa pagsusuri ng public charge. Hindi rin maapektuhan ng pagsusuri ang mga humahawak ng green card na mag-aaplay na maging U.S. Citizen o sa pagbabago ng green card.

**Bawat kaso ng imigrasyon ay naiiba. Makakakuha ng libreng ligal na payo sa komunidad para maunawaan kung paano—o hindi—maaapektuhan ang inyong pamilya ng public charge.**
**Mangyaring tumawag lamang sa Bay Area Legal Aid's Legal Advice Line sa (800) 551-5554 kung mayroon kayong katanungan tungkol sa public charge at pampublikong benepisyo. Maaaring makatanggap ng tulong sa lahat ng wika.**

5. **Narinig ko na maaari daw magkaroon ng pagbabago sa pagturing sa aking aplikasyon sa citizenship kung ako o ang pamilya ko ay gumamit ng kahit anumang programa sa pampublikong tulong (public assistance programs). Totoo ba ito?**
   HINDI. Hindi maapektuhan ng public charge ang pag-aaplay para sa citizenship.

6. **Narinig ko na maapektuhan daw ng public charge test ang pagbabago sa green card. Totoo ba ito?**
   HINDI. Kung mayroon na kayong green card at kailangan ninyong baguhin ito, hindi maaapektuhan kayo sa test ng public charge.

7. **Paano kung ang mga anak ko lamang ang tumatanggap ng mga benepisyo pero hindi ako? Maapektuhan ba ang aplikasyon ko para sa green card dahil sa pagtanggap nila ng mga benepisyo?**
   HINDI. Ayon sa bagong patakaran ng public charge ikokonsidera lamang ng pederal na gobyerno ang pampublikong benepisyo na ginagamit ng tao na nais baguhin ang kanilang katayuan sa imigrasyon, at hindi sa pampublikong benepisyo na ginagamit ng isang miyembro ng pamilya nila. Tandaan: ang mga patakaran ay naiiba kung kayo ay nag-aplay para sa green card sa labas ng Estados Unidos.

8. **Kailan gagamitin ang test ng public charge?**
   Maapektuhan ang ilan na ligal na katayuan ng imigrasyon dahil sa bagong patakaran, at mangyayari lamang ito sa ilang punto sa proseso ng imigrasyon. Sa pangkaraniwan, gagamitin ang public charge na test sa taong:
   - Nagaaplay na pumasok sa Estados Unidos
   - Nagaaplay na baguhin ang kanilang katayuan sa imigrasyon para maging LPR (para makakuha ng green card)
   - Mayroong green card at muling papasok sa bansa pagkatapos ng pagalis sa Estados Unidosng higit sa sunod-sunod na anim na buwan

9. **Nagbago ba ang eligibility para sa pampublikong benepisyo?**
   HINDI. Ang mga patakaran para sa mga benepisyo ng pampublikong tulong ng California ay hindiI nagbago. Kung karapat dapat kayo para tumanggap ngayon Ng Medi-Cal, CalFresh, CalWORKs, cash at child care assistance, or In-Home Supportive Services (IHSS), maaari pa rin kayong tumanggap ng benepisyo.

10. **Nagaalala ako para sa privacy ng aking impormasyon. Paano ginagamit ng Human Services Agency ang impormasyon na binibigay ko tungkol sa aking sarili at ng aking pamilya?**
    Hindi ginagamit ng pederal na gobyerno ang aming mga sistema para sa pagpapatupad ng imigrasyon. Ginagamit lamang ng HSA ang impormasyon na ibinigay ninyo para malaman kung karapat dapat kayo para sa mga benepisyo. Maaaring kailanganin namin na patunayan ang impormasyon na ibinigay ninyo sa inyong aplikasyon para sa pampublikong benepisyo sa pederal na gobyerno, pero ginagawa lamang ito nang makumpirma na karapat-dapat kayong makatanggap ng benepisyo.

11. **Matatanggal ba ang impormasyon ko sa mga sistema ng California kapag itinigil ko ang pagtanggap ko ng benepisyo?**
Hindi. Mananatili ang rekord ng inyong dating kaso sa computer system ng estado at lokal na gobyerno, kaya nasa amin pa ang inyong file. Kapag tinigil ninyo ang inyong pagtanggap ng mga benepisyo, mawawalan kayo ng mahalagang coverage sa kalusugan, cash, at pagtulong sa pagkain (food assistance), at hindi mabubura ang kasalukuyang mga rekord ninyo.

12. **Mayroon pa akong mga tanong tungkol sa epekto ng pagsali sa mga programang pampublikong benepisyo sa aking katayuan sa imigrasyon o citizenship. Maaari ba ninyo akong tulungan?**
Nais kayong matulungan ng HSA na maunawaan ang inyong karapatan at para tuluyan kayong makatanggap ng tulong na kailangan ng pamilya ninyo. Hindi kami puwedeng magbigay ng ligal na payo pero nakikipagtrabaho kami sa mga kwalipikadong abogado sa imigrasyon na makakapagbigay ng libreng tulong.

**Humanap ng libreng tulong sa imigrasyon mula sa komunidad**: **immigrants.sfgov.org**